# Pagsubok, Pagsubok, 1-2-3

A Lord's Flock Praise & Worship Topic
Ni: Sis Techie Rodriguez-Elder Founder
Nobyembre 30, 2024

Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na kumapit at magtiwala sa Diyos. Wala tayong lakas para malampasan ang mga pagsubok kung aasa lang tayo sa ating sarili. Ang bawat pagsubok na dadaan sa atin ay may aral na matututunan. Sa bawat pagsubok, si Hesus ang tanging kasagutan!



**1. Sinusubok ng Panginoon ang matutuwid**. Palagi tayong sinusubok ng Diyos sa iba't ibang paraan.

1.1. Dumaan si David sa napakahirap na pagsubok (Awit 11:1-7). Binigyan siya ng problema at hinimok na umalis at magtago para sa kanyang sariling proteksyon. Tumanggi si David dahil Diyos lamang ang kanyang tanggulan.

1.2. Tatlong lalaki ang tumangging sumamba sa paganong diyos kahit binantaan silang susunugin sa pugon. Naniniwala silang ililigtas sila ng kanilang Diyos. (Daniel 3:16-18).

1.3. Naglingkod si Job sa Diyos ngunit nakaranas pa rin siya ng kahirapan." Hindi ako natatakot kung ako man ay papatayin" (Job 13:15).

1.4. Sinubok si Felipe kung saan kukuha ng pagkain para makakain ang 15,000 tao (Juan 6). Sa tuwing sinusubok tayo ng Diyos, alam Niya ang Kanyang gagawin. Pinahihintulutan Niya ang kabiguan ngunit gumagawa Siya ng paraan upang malampasan natin ang mga ito (1Cor 10:13).

**2. Diyos lamang ang tanging solusyon sa ating mga problema.** Alam ng Diyos ang ating mga problema dahil Siya ang nagbibigay ng kasagutan sa mga ito.

2.1. Idulog natin sa Diyos ang ating mga problema. Sinunod nila Felipe at Andres ang Diyos.

2.2. Huwag tayong magulat sa mga pagsubok; sinusubukan tayo ng Diyos kung tunay tayong nagtitiwala sa Kanya. Humanda tayo sa mga pagsubok kung tayo'y naglilingkod sa Diyos. Maging tapat at kumapit sa Diyos para umunlad.

3. **Ano ang iba't ibang dahilan ng pagsubok?**

**3.1. Masubok ang Pananalig**. Maaaring tayo'y magtagumpay o bumitaw kung nakararanas ng pagsubok. Ang Diyos ang magpapasya kung handa sa susunod na antas.

**3.2. Mapatunayan ang katapatan**. (1Pedro 1:6-7). Sinusubok ng Diyos ang katapatan ng ating pananalig. "Ang inyong pananampalataya na higit kaysa ginto ay pinararaan sa pagsubok upang malaman kung talagang tapat."

**3.3. Upang linisin ito**. "Ngunit alam ng Diyos ang aking bawat hakbang; kahit na subukin Niya, ako'y parang gintong lantay" (Job 23:10).

**3.4. Para maging perpekto.** Sinusubok ng Diyos kung ano ang ating reaksyon sa mga pangit na usapan. May pangako ang Diyos na magtatagumpay ang mga inuusig dahil sa Kanya.

**3.5. Masubok ang tiyaga.** Kung matindi ang pagsubok, damahin natin ang lakas ng Diyos. Gusto Niyang makita ang ating karakter kung tayo'y nasa dilim. Ang mga pagsubok ay daan sa tagumpay.

**3.6. Mapatunayan ang Pagkatao.** Ang ugaling napatunayan na ay bunga ng matinding pagsubok. "…ibabalik ka, gagawin kang perpekto" (1Ped.5:10).

**3.7. Para Maluwalhati ang Diyos**. Hindi maipagkatiwala ng Diyos ang Kanyang mga anak sa mga taong hindi pa nasubok ang pananalig. Siya dapat ang una sa ating buhay.

**3.8. Para pagpalain tayo ng Diyos**. Ang paraan ng Diyos ay iba sa paraan ng mundo. "Tandaan ninyo, sa pagbabago ng lahat ng ito, ang mga sumusunod sa akin ay luluklok din sa trono" (Mt. 19:28).

**KONKLUSYON**: Bilang Kristyano, paano tayo dapat tumugon sa mga nangyayari sa ating personal na buhay? Manalangin tayo na malampasan natin ang mga pagsubok (Mateo 25:23). Kahit galit ang mundo sa atin, tayo'y may Hesus, ating Panginoon at Guro. Gabay natin ang Bibliya.

**PAGNINILAY**:

1. Anong pagsubok (sakit, kawalan ng trabaho, bigong relasyon) ang sumubok sa iyong pananalig?
2. Labis ba o kulang ang inilalaan mong oras para sa Diyos sa mga pagsubok na ito?

**SCRIBES Ministry:**
**Isinalin ni:** Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni:** Nida A. Cruz
**https://lordsflock.org/teachings/digests**
Tags: #Pagsubok#Pananampalataya